# 1

"May mali ba, Mama?" masigla niyang tanong habang tinititigan ang mukha sa salamin kung pantay ba ang kanyang makeup. "I got promoted as marketing manager of *Alto Montana Realty*. New office, same staff. Kaya kailangan bagong Ava rin ang papasok ngayong umaga."

Ava glanced at her wristwatch at minsan pang sumulyap sa salamin bago tuluyang humarap sa ina.

Nagkibit-balikat ito bago nagsalita. "Masaya akong makita kang ganyan, anak… kahit lahat na yata ay ipinabago mo." Hinagod siya nito ng tingin mula paa hanggang ulo. "Pero..."

"Mama..." agad niyang awat sa sasabihin nito. "I just dyed my black hair then had a haircut na mahaba pa din naman. Above the knee lamang itong suot kong skirt." Pinagpag niya nang bahagya ang itim na palda. "Maganda ba, Ma? Instead of the usual flats, nag-high heeled shoes ako. Tapos I got a facial. 'Yun lang naman."

Bumuntong-hininga ito bago muling nagsalita. "Parang sobra naman, anak. Parang hindi na ikaw

'yan. Napakaganda mong tingnan," komento nito.

Ngumiti si Ava bago dinampot ang bag. "Thanks, Ma. Hindi ba nagmana lang ako sa inyo? Pero ito talaga ang gusto kong mangyari sa buhay ko, ang pagbabago..."

"Talaga bang masaya ka sa pagbabagong 'yan? Or did you do this to spite someone?"

She stared at her own reflection and asked the same question in her mind. Pero isa lang ang sagot na nakuha niya.

She wanted it that way. Gusto niya ang bagong look niya: gorgeous, seductive, alluring. Iyon ang description ng isang gay sa salon na pinagbabaran niya nang ilang oras. Ganoon din ang skin and facial centre na mag-aalaga sa kanyang mukha at balat.

"Nagbabago ang panahon, Mama..." Pinasaya niya ang tinig at saka ito kinindatan.

"I know... I know that. Pero sana masaya ka, anak."

"I am. Masaya ako, Mama."

"Mag-ingat ka sa pagmamaneho. Hindi ka na naman kumain," pahabol pa nito nang humalik siya at magpaalam.

"I'm on a diet," aniya habang tinutungo ang garahe.

"Sexy ka na, Ava. Hindi mo kailangang mag-diet," may halong sermon at pag-aalala nitong saad.

"Nagbibiro lang po. Sa office na lang ako kakain." Isinara na niya ang pinto ng pulang *Honda Civic*. "'Bye..."

Natanaw niyang sinusundan siya ng tingin ng ina habang palabas siya ng gate.

She smiled—a bittersweet smile.

MABILIS na binaybay ni Ava ang kahabaan ng McArthur Highway at ilang saglit lamang ay narating na niya ang gate ng tatlong matatayog at magkakabit na building na animo magkapatid sa pagkakatayo ng mga iyon. Halos iisa ang disenyo niyon, isang makabagong architectural innovation—ang *Alto Montana Realty*.

Hindi pa man siya nagbusina ay dahan-dahan nang bumubukas ang gate para sa kanya. Marahan niyang pinausad ang sasakyan patungo sa parking lot na laan para sa mga empleyado ng gusali.

Nang makababa, tuluy-tuloy na siyang naglakad

papasok. Nakangiti siya sa bawat bumabati sa kanya. The surprised look in their eyes made her smile. Ang ilan ay lumilingon pa sa kanyang muli.

Lumiko na siya patungo sa elevator at nakisabay sa mga papasok doon na aakyat din sa mataas na gusali.

"Third floor..." aniya sa elevator operator na nakaupo sa gilid.

Nang makarating sa third floor ay huminga siya nang malalim.

"Congratulations, Ava. You deserve it. Good luck." Iyon ang mga katagang binitawan ni Mr. Montilla sa kanya bago ito umalis at iwan sa kanya ang position bilang manager.

She headed toward her office. Magaan ang mga hakbang niya patungo sa Marketing Department.

Ganoon na lamang ang gulat niya nang makita ang malaking puti at pulang tarpaulin na sumalubong sa kanyang daraanan. Nakasulat doon ang mga salitang: *'Congratulations and Welcome to the Marketing Department, Miss Ava Ramirez.'*

At kasabay ng mga palakpak ay ang paggalaw ng iba't ibang kulay ng balloons na may iba't iba

ring disenyo.

"Good morning, Ma'am. Congratulations," halos sabay-sabay na bati ng mga naroon na palang mga empleyado. Tila kanina pa naghihintay ang mga ito sa kanya.

Bahagyang yumuko si Ava bago sumagot ng, "Salamat. Salamat sa inyo. Hindi ko ito inaasahan. Akala ko'y unang-una ako..." She smiled.

Sabay na nagtawanan ang lahat at pabirong naghiyawan. "Ngayon lang po 'yan, Ma'am. Pag nagtagal, kayo na po ang laging mauuna dito," anang isang hindi niya nakilala. Bumalik na ang mga ito sa kani-kanilang mesa matapos siyang kamayan.

"Again, thank you everyone. I'm looking forward to working with you all," she said sincerely at tinanguan si Miss Paz. Ito ang dating secretary ni Mr. Montilla na siyang sekretarya na niya ngayon.

Pumasok siya sa opisina kasunod ang babae. "May gusto ba kayong ipabago, Ma'am?" tanong nito nang naroon na sila.

Iniikot niya ang paningin. "Thank you, Miss Paz. I love everything here. Wala na akong balak baguhin pa ang dati nang maganda." Bahagya siyang ngumiti sa babae.

"Thank you, Ma'am," nagliwanag ang mukhang tugon nito.

Umupo si Ava matapos sumilip sa blinds na nagtatakip sa salaming dingding ng opisina niya. Tanaw mula roon ang kalsada sa ibaba ng building.

Inikot-ikot niya ang bagong swivel chair. "I know it's too early, but I would like to know my appointments kung mayroon, Miss Paz."

"Mayroon po, Ma'am. People from Building III would like to know the marketing plan for this second quarter," agad na tugon ng babae.

Agad na napatuwid ng upo si Ava.

"Don't worry, Ma'am. Nag-draft na po ng proposal si Mr. Montilla and for approval mo na lang. Dapat po kasi last week pa 'yon. But it was postponed at the last minute. Ibibigay ko po sa inyo ang folder," anang agad ng sekretarya nang makita ang pag-aalala sa mukha ng bagong amo.

Relieved na napatango siya. "Yes, please. Para mabasa ko muna."

Agad na tumalikod ang sekretarya at nang magbalik ay tangan na ang puting folder. Iniabot nito iyon sa kanya. "Here, Ma'am."

"Thank you. Could you make me a cup of coffee, please?"

"Sure, Ma'am..."

Marahang napatango ang dalaga. "That's all, Miss Paz. Thank you again."

Nang tumalikod na ang sekretarya ay napatingin siya rito. "Miss Paz," tawag niya muli. "Miss Ava na lang..."

Gumuhit ang kaaya-ayang ngiti sa labi ng babaeng ilang taon din ang tanda sa bagong amo. "Thank you, Miss Ava." Tumalikod na ito at binuksan ang pinto ng opisina.

MAHIGPIT ang hawak ng dalaga sa folder habang nasa loob ng elevator ng Building III kung saan naroon ang mga top executives ng *Alto Montana Realty*. Binubuo ang mga iyon ng mga abogado, inhinyero at mga arkitekto.

May kaba man sa dibdib, tiwala siyang lumabas ng elevator sa penthouse kung saan naroon ang conference room.

"I'm thirty minutes early," bulong ni Ava sa sarili. Tatlong buwan na pala ang nakakaraan mula noong

huli siyang tumuntong ng Building III ngunit tanda pa niya kung saan tutungo.

Napahinga siya nang malalim nang nasa tapat na ng conference room. Tiwalang itinulak ng kamay niya ang makapal na salaming pinto.

But then she gasped.

Halos mapuno na ng tao ang upuang nakapaikot sa mahabang lamesa.

Nginitian niya ang mga ito at yumukod bilang paggalang. Tiwala at matatag ang mga hakbang na tinungo niya ang bakanteng upuang laan sa kanya. Napakabilis ng tibok ng puso niya at pinipilit niyang kumalma sa pamamagitan ng pagbabasa ng files niya.

Bahagya siyang nakatungo nang dumating at umupo sa bakanteng upuan sa tabi niya ang isang lalaki. May pagmamadali sa kilos nito.

She froze because of the scent that passed through her nostrils—it smelled too familiar.

Slowly, she turned her gaze. Nahigit niya ang paghinga nang mapagsino ang lalaking naroon ilang pulgada lamang ang layo sa kanya.

*Eric…*

Napatingin din sa kanya ang katabi. Their eyes met at tila nakita rin niya ang pagguhit ng pagkagulat sa mukha ng lalaki. Ngunit saglit lamang iyon, pagkatapos ay pareho silang umiwas ng tingin.

UMILAW NA ang malaking projector para sa presentation ng Planning Division. Mabibilis at makukulay ang takbo ng mga graphics na lumalabas.

Nakatitig lamang si Ava habang sinasabayan iyon ng mga paliwanag ng nakatayong engineer, using terms she was familiar with.

Tumatango lamang ang mga naroon na pulos may-edad na, pero hindi matatawaran pagdating sa brilliance of mind and character.

Ilang sandali rin bago unti-unting dumilim ang projector at napalitan ng ibang larawan.

'Marketing Plan.' Iyon ang nakasulat doon.

Tumayo ang dalaga at sa sulok ng mga mata niya, napansin niya ang ilang ulong napalingon sa kanya.

Alam na niya kung ano naiisip ng mga ito tungkol sa kanya—na napakabata pa niya para sa isang managerial position.

But then, the words of Mr. Montilla echoed at the back of her mind. *"You've been working so hard. You deserve it, Miss Ramirez,"* sabi pa nito noong huli silang magkausap bago lumipad patungong Canada ang matanda.

"Good morning…" simula niya. Ilang sandali pa ay muling umilaw ang projector at lumitaw sa screen ang *PowerPoint* presentation na ginawa ng department ni Ava. Confident na nagsimulang mag-present ang dalaga ng mga marketing plans at strategies na inihanda niya para sa kompanya.

Matapos ang presentation ay nagpalakpakan ang mga executives ng kompanya senyales na nagustuhan ng mga ito ang ginawa. Nakahinga nang maluwag si Ava at nginitian ang mga bosses niya na tuwang-tuwa sa presentation niya.

Napansin niyang isa lamang sa mga iyon ang hindi pumalakpak at natuwa sa report niya. Iyon ay walang iba kundi si Mr. Eric Montana, ang apo ng may-ari ng *Alto Montana*.

# 2

Isang mahaba at malalim na buntong-hininga ang pinakawalan ni Ava nang magkakasunod na lumabas ang mga bumati at nakipagkamay sa kanya.

*Thank You, Lord,* she sighed. Marahang dinampot niya ang puting folder na nasa harapan. Muli siyang lumingon sa kanina ay kinapupuwestuhan upang tiyaking wala siyang naiwan, nang may mahagip ang paningin niya mula sa kanyang tagiliran.

Muling pumasok sa silid ang taong kanina ay pinagkaiwas-iwasan niyang tingnan. Nakahinga na sana siya nang lumabas ito kaagad ng silid pagkatapos ng meeting, pero heto at mukhang kailangan niya ng laksang lakas ng loob para harapin ito. Inilapat nito ang pintong pinasukan. Humakbang ito—in a leisurely way—palapit sa kinaroroonan niya.

"Eric…"

His lips were twisted into a bitter smile. "I forgot to congratulate you, Miss Ava Ramirez, for being our newest and youngest marketing manager ever," tila may parunggit sa tinig na saad nito.

Hindi niya iyon pinansin. She smiled back.

"Thank you, Mr. Eric Montana." Pantay ang tinig niya at confident ang mga galaw habang humahakbang palayo rito at patungo sa pintuan.

Ngunit ilang hakbang paglampas niya rito, hinaklit siya nito sa braso. "Not yet, Miss Ramirez."

Napangiwi ang dalaga sa tila mga bakal na pagkakapit ng kamay nito sa kanya. But she refused to wince. Tiningnan lamang niya ang kamay nito. "Let me go.  Marami pa akong gagawin."

Patuyang tumawa ang lalaki, ngunit lalo lamang humigpit ang mga kamay nito. "You finally made it here," mabigat ang tinig na sabi nito. Matalim na tumingin ito sa kanyang mga mata, pababa sa kanyang ilong bago ilang segundo ring napatitig sa kanyang labi.

Binalewala niya ang malakas na kabog ng dibdib.

"I worked hard for it. I deserved it," salat sa emosyon na tugon niya.

He laughed mockingly. Binitiwan ang braso niya, tumalikod nang bahagya at saka humugot ng malalim na hininga.

"You worked hard for it, I know. For how many

nights, Miss Ramirez?" sing-lamig ng yelo ang tinig nito. Marahang humarap ito sa kanya; halos magsalubong ang makakapal na kilay nito sa ibabaw ng malalalim nitong mata.

Marahas siyang napatingin sa lalaki. Nag-iinit ang buo niyang mukha dahil sa insultong naramdaman sa salitang tinuran nito. Naiisip na niya ang ibig nitong sabihin, at kasabay niyon ang pag-ahon ng emosyon sa kanyang dibdib.

Biglang tumaas ang kamay niyang binitawan nito ilang saglit pa lamang ang lumipas.

"How dare you!"

Ngunit bago pa man iyon lumapat sa makinis nitong mukha ay mahigpit na hawak nitong muli ang kanyang kamay. His grip was too strong, as if he wanted to break her bones.

"Damn it," he hissed and stared at her with eyes raging with fire. Naggagalawan ang muscles nito sa mukha at mariin ang pagkakalapat ng maninipis at mapupulang labi dahil sa galit. "Sabihin mo sa akin. Ilang gabi at araw mong pinagpaguran ang lahat? You have convinced them all, pero hindi ako." Nagtatagis ang mga bagang nito.

Napailing si Ava. "Wala akong pakialam kung

anuman ang iniisip mo. Hindi ko hinihingi ang opinyon ng apo ng may-ari ng *Alto Montana* para mabuo nang tuluyan ang tiwala ko sa sarili na maganda ang nagawa ko. Hindi kakulangan ang salita mo kahit papuri man ito, Mr. Eric Montana. I really don't care what you think of me. Now, let go of my arm."

Marahas nitong binitiwan siya. Malalaki ang mga hakbang na nilampasan siya nito at lumabas ng silid.

The door swung back bunga ng pabalya nitong pagbukas at pagsara niyon.

Napakurap-mata lamang si Ava. Parang gusto niyang maiyak, hindi dahil sa sakit sa kanyang kamay. But for the pain that was slowly filling her heart.

*"Ilang araw at gabi mong pinagpaguran ang lahat?"* Bumabalik sa isip niya ang sinabi ng lalaki… ang mapang-uyam nitong tono. He looked at her with disgust, na para bang nakuha niya ang posisyon sa kompanya sa ibang paraan.

Inakala nitong ginawa niya ang lahat ma-promote lamang; mapasakanya lamang ang posisyong hawak niya ngayon.

Humigit siya ng malalim na paghinga at saka lamang humakbang palabas ng conference room.

NANG MAKAPASOK sa sariling opisina ay agad hinubad ni Ava ang suot na blazer. Ipinatong niya iyon sa isang upuan sa tapat ng computer.

Hindi pa rin nawawala ang bigat sa kanyang dibdib bunga ng ginawa ni Eric sa kanya. Marahan siyang naglakad palapit sa salaming dingding ng opisina niya na natatabingan ng Venetian blinds. Inayos niya iyon upang makapasok ang liwanag mula sa labas.

Mula ikatlong palapag ng Building I kung saan naroon siya, pinagmasdan niya ang tanawin sa ibaba. Umaasang sa pamamagitan ng tanawin roon ay mawawala ang bigat na nasa dibdib niya.

Ngunit hindi iyon nangyari. Sa halip, sumabay sa kirot ang pagdaloy ng mga alaala....

*A few months ago…*

“May I have this dance?”

Ang baritonong tinig na iyon ang pumukaw sa

diwa ni Ava mula sa pagkakasandal sa backrest ng couch. Sa totoo lang, mas gusto niyang matulog kaysa sumayaw sa mabining tugtog na naririnig.

Naroon sila sa malawak na hall sa penthouse ng *Alto Montana Building III*. Madilim ang gabi, pero hindi nagbabadya ng ulan. Malamig ang banayad na ihip ng hangin, pumapawi sa pagod ng mga tauhan ng kompanya dahil sa pagsasayaw sa maindak na tugtugin.

Maraming pagkain at bumabaha ang inumin sa lahat ng sulok. Nakainom na rin si Ava ng red wine, sa kapipilit ng kaibigan niyang si Lessie na halatang tinablan na ng alcohol kaya naging napakadaldal.

"Enjoy the night, friend. *Alto Montana* is celebrating its anniversary, sharing its success to their employees. See, we're part of it. And you, Ava Ramirez, is one of their assets, kaya nga sa mga meetings and seminars you're always the first choice para ipadala ni Mr. Montilla..." sabi pa nito kanina. Malakas ang boses ni Lessie dahil nga maingay roon. "Naiinggit nga ako sa 'yo. But I know you deserve the special attention they're giving you. You know what? Sa tingin ko, they're grooming you... Mr. Montilla is training you para maging isa sa future bosses ng *Alto Montana*."

Ngunit kung siya ay tila lalong nadagdagan ang pagkahilo at pasalampak na sumandal sa isang couch sa gilid ng hall, si Lessie ay tumayo upang makipagsayaw.  Upang mawala raw ang tama ng ininom nito.

Napangiti na lamang si Ava nang makita itong hinihila ang isang kasamahang lalaki patungo sa dance floor.

Lumipat pa siya sa isang pinakasulok na couch para makapagpahinga nang maayos. Siguro naman kapag yumuko siya, wala nang mangangahas na makipagsayaw sa kanya.

Nang maupo siya, nasagi niya ang nakapatong sa arm rest ng couch—a jacket.

Kinuha niya iyon at walang babalang inamoy. Napangiti siya. Parang kay sarap yakapin ng kung sinumang may-ari niyon.

She placed the jacket over her bare shoulders at pagkatapos ay sumandal at ipinikit ang mga mata. Hindi naman siya nag-aalala dahil halos lahat ng naroon ay taga-*Alto Montana*.

Habang nakapikit ay naririnig niya ang tugtog at mga tawanan sa paligid. Napagod na siya kanina sa kakatanggap sa mga paanyaya ng mga kasamahan

na makipagsayaw siya sa mga ito. Biro pa nga ni Lessie, iba ang aura niya sa gabing ito kaya raw hindi nauubos ang mga lalaking aali-aligid sa kanya. Tinawanan lang niya iyon. Oo nga't alam niyang bumagay sa kanya ang suot niyang black spaghetti-strapped dress na humakab sa katawan niya. Ngunit sa tingin niya ay exaggerated ang komento ng kaibigan.

Prenteng-prente siya sa puwesto niya sa couch hanggang sa marinig nga niya ang isang tinig. Sing-lalim ng gabi ang boses na iyon.

Tender, yet commanding. Ang klase ng tinig na hindi maaaring balewalain kapag narinig.

Unti-unti niyang idinilat ang mga mata. And she stared directly at a very tall man's form. Dahil nakatalikod ito sa dim na ilaw, hindi niya makita nang husto ang anyo nito. But she knew he was beautiful… possessing both grace and power.

Nakalahad sa kanya ang isa nitong kamay. Nag-aanyaya na tila hindi umaasa ng rejection.

Itinaas niya ang isang kamay para imuwestra ang pagtanggi rito. Subalit ipinagkamali ng lalaki na iniaabot niya iyon. He bent and held her hand. Nakalimutan na niyang tumanggi sa paanyaya nito

nang ipaloob ng lalaki nang mahigpit ang kamay niya sa palad nito. Inabot pa nito ang isa niyang kamay at pahila siyang itinayo. She didn't say anything.

Maging nang marahang alisin nito ang jacket sa kanyang balikat. His fingers lightly touched her shoulder blades at tila may kung anong kiliting gumapang sa batok ni Ava.

Tila hangin siya nitong tinangay sa gitna ng dance floor. Nang naroon na sila, banayad nitong ipinatong sa sariling balikat ang mga kamay niya bago pinagsalikop ang dalawang kamay sa kanyang baywang. Bagaman, hindi niya makita nang husto ang mukha nito, sigurado siyang napakaguwapo nito. Kagaya ng tinig nito, his appeal was powerful… bone-melting. And they were standing too close to each other… na parang magkakilala sila… na hindi sila estranghero sa isa't isa.

Marahil dahil sa love song na pumapailanlang… o sa madilim at malamig na paligid, idagdag pa ang ininom na alak… Ava found herself mesmerized. Marahan niyang ipinikit ang mga mata at nag-relax sa mga bisig ng binata.

Alam niyang lalo pang humigpit ang hawak nito—na halos yakap na siya ng lalaki subalit hindi niya iyon pinansin. She felt comfort in his arms at

hindi niya alam kung bakit. Wari ay pamilyar siya sa yakap nito.

And his scent, tila ba naamoy na niya iyon somewhere. Hindi lang niya matukoy kung saan at kailan.

The song ended and she opened her eyes. Subalit katulad ng ibang nasa dance floor, hindi sila umalis doon. Another love song played. Napuna na rin ng dalaga ang ilang nanunudyong ngiti at tingin ng ilang sumasayaw sa tabi nila.

Gayunpaman, hindi siya nakaramdam ng hiya. Ang mga ito ay may kani-kanya ring kayakap. Some were even kissing intimately.

Iyon marahil ang bunga ng alcohol.

Nang matapos na ang awit ay napatingala si Ava sa lalaki. “I have to go,” she said, almost in a whisper at saka marahang kumalas dito.

Hindi tumutol ang lalaki. Inihatid siya nitong muli sa dati niyang inuupuan. Bago pa siya umupo ay dinampot nito ang jacket at muling inilagay sa balikat niya.

“Thank you,” she said without looking at him. Hinahanap niya si Lessie sa bunton ng mga

sumasayaw, pero hindi niya makita ang anino ng kaibigan.

"Looking for someone?"

"Yeah. My friend." Sinulyapan niya ang oras sa suot na relong tila bracelet dahil sa liit ng chain.

"It's too early," agap nito saka naupo sa kanyang tabi.

Hindi siya kumibo. Sumulyap lamang siya rito nang sumandal ito sa upuan.

Ngunit saglit lamang iyon. Napatuwid ito nang upo matapos tumunog ang cellphone nito. Sinagot nito ang napakaiksing tawag.

Tumayo ito at tinunghayan siya. "I have to go downstairs," paalam nito sa kanya. "I'll leave you here."

"It's all right. Thank you," agad niyang tugon.

She saw him flash a smile bago tumalikod. Ngunit agad din itong humarap na tila may nakalimutan.

"Take care of my jacket, sweetheart," sabi nito.

Maang na natigilan ang dalaga sa narinig. "Sa 'yo ito? I'm sorry, you—"

"No. Use it. Malamig na ang gabi. It will keep you warm." Tumalikod itong muli. He waved his hand while walking away from her.

Napangiti ang dalaga. Kung ganoon, sa lalaki pala ang jacket na ginamit niya. At ang bango na naamoy niya habang nakikipagsayaw rito ay siya ring amoy ng jacket na kinuha niya sa upuan at itinakip sa mga braso niya.

Napasandal siya sa backrest ng couch at pinanood ang paggalaw ng tila mga anino sa kanyang harapan. Si Lessie, hindi pa rin siguro nagsasawa sa kasasayaw at hindi pa siya nito naalalang balikan.

Ngunit ilang saglit pa, sandaling huminto ang tugtugan. May nagsalitang tinig babae. "You are all invited to come down to the tenth floor for a very important announcement from our bosses."

Muling pumailanlang ang awit. Ang ilan ay ipinagpatuloy lamang ang pagsayaw na tila walang narinig. Ngunit marami rin ang mga bumaba para alamin kung para saan ang imbitasyong iyon, kung saan naroon ang mga big bosses ng *Alto Montana*.

Tanging spotlight lamang ang nagbibigay liwanag. Subalit dahil umiikot ito sa paligid, lalo lamang siyang nakaramdam ng pagkahilo nang siya

ay tumayo at mag-ikot.

"Si Lessie?" tanong ni Ava sa isang nakasalubong na kasamahan.

"Bumaba kanina pa, kasama si Edward," ani Freddie.

Napakunot-noo ang dalaga. Kung si Edward nga ang kasama ng kaibigan, malamang sobrang nag-e-enjoy ito ngayon.

At kung umalis na si Lessie, kailangan na niyang mag-ayos dahil tiyak na uuwi siyang mag-isa... nang naka-taxi. Nakisakay lang siya sa sasakyan ng kaibigan papunta roon. Wala pa kasi siyang sariling kotse.

Mula sa penthouse ay bumaba si Ava. Hawak na niya sa kamay ang jacket na noon lamang niya napunang itim pala ang kulay.

"Ang guwapo pala ng apo ng *Alto Montana*," tila nangangarap na kuwento ni Lyn nang masalubong niya ito pagbaba. "Siya pala 'yung ipapakilala kaya pinababababa ang lahat."

"So lalaki?" bale-wala niyang tugon.

"Hindi basta lalaki, Ava—lalaking-lalaki. He's an architect and an engineer pa. Nag-aral pa pala sa

Madrid, Spain. Pero ang galing mag-Tagalog."

"Filipino, eh," rason niya at humakbang na.

"Ano ka ba, Ava, maraming Filipinong akala mo'y banyaga na kapag nagsalita kapag tumira sa ibang bansa ha," anito.

Napangiti lamang siya. "Aalis na ako, medyo malalim na ang gabi."

"Wala kang date?" gulat nitong untag.

Umiling siya. "Nope. Iniwan ako ni Lessie," napangiti niyang imporma.

"Kung sing-ganda mo ako at sing-sexy, sampu ang sasakyang nakapila sa lobby at naghihintay na pagbigyan ko na silang maghatid sa akin at mamimili lamang ako kung saan ako sasakay."

Isang matamis na ngiti ang isinukli niya sa pagkindat nito. Kinawayan niya ang mga ito bilang pagpapaalam.

# 3

Kung sa penthouse ng Building III ay madilim ang paligid at hindi mo halos maaninag ang mga mukha ng tao, sa ibabang bahagi ng tatlong building ay napakaliwanag. At mula sa malayo ay mahuhulaang may kasiyahang nagaganap.

Maningning ang mga ilaw sa paligid at lalong mas maliwanag pa sa lobby ng Building III. Tila halos lahat ng nakikita niya ay nakabihis at nakangiti. Maging ang mga security guards ay naka-polo barong at matitikas na paroo't parito habang tuluy-tuloy ang pag-alis ng mga sasakyan. Ngunit may ilan din na papasok pa lamang ng building.

Napabuntong-hininga si Ava habang iniisip kung nasaan na kaya si Lessie. Kinawayan niya ang isang guard at inutos na ikuha siya ng taxi sa labas kung maaari.

Mabilis naman itong tumalima.

Habang naghihintay ay napalingon ang dalaga nang may tumawag sa kanyang pangalan.

It was Mr. Montilla. Nahihiya siyang tumango rito nang mapansing mga Montana ang kasama nito

at tila inihahatid sa lobby ng building, naghihintay ng mga sasakyan nito.

Kumaway sa kanya ang matanda at napatingin din sa kanya ang mga kasamahan nito—the pillars of *Alto Montana*.

Ayaw man ni Ava, napilitan siyang lumapit sa mga ito. Her heart racing, humigpit ang hawak niya sa itim na jacket. "Sir..."

"Come, Miss Ramirez." Lumingon ang matanda sa mga katabi nito. "Gentlemen, I would like to introduce Miss Ava Ramirez, also from the Marketing Department. A very young, beautiful, dynamic and talented lady. Ang uri ng empleyadong hindi dapat pakawalan," anang matanda.

She almost blushed at hindi halos niya namalayang nakikipagkamay sa kanya ang dalawa sa tatlong may-ari ng kompanya.

"It's our honor to have you here in *Alto Montana*, Miss Ramirez. Naniniwala ako dito kay Raul. You're an asset to the company."

"Thank you, Sir. Thank you po," tanging naisagot niya. Nahihiya siyang nagyuko ng ulo bilang paggalang.

Ilang saglit lamang at lumulan na ang mga ito sa naghihintay na mamahaling sasakyan. Pinanood niya hanggang sa mawala ang mga iyon sa paningin niya.

"Wala bang maghahatid sa 'yo, Miss Ramirez?" pagdaka ay saad ng matanda.

"Nagpakuha na po ako ng taxi, Sir," tugon niya.

"Hindi ako makapaniwalang walang maghahatid sa 'yo." Ngumiti ito. "Nasaan na ba ang mga lalaki dito sa *Montana*, mga bulag yata."

Napangiti rin si Ava. Nandito na pala ang taxi ko, Sir," aniya nang makita ang paparating na sasakyan lulan ang guwardyang inutusan niya.

"Mag-iingat ka," bilin nito.

"Kayo din po, Sir."

Humakbang siya palapit sa taxi na paparating nang biglang may mabilis na sasakyang sumulpot mula sa gilid ng building. Padaan ito sa tapat ng dalaga.

Agad na napaatras si Ava. Kunot-noong tiningnan niya ang kotse sa kanyang harapan na huminto pa at unti-unting nagbukas ang tinted niyong bintana.

Isang marahang buntong-hininga ang kumawala sa bibig niya nang nakita ang isang guwapong lalaki. Ngumiti ito sa kanya na para bang kilala na siya nito.

Hahakbang na sana siya patungo sa taxi na nasa likuran nito nang agad itong bumaba ng sasakyan.

“Wait,” anito at umikot. Binuksan nito ang pinto ng passenger seat para sa kanya.

Pakiramdam ni Ava ay naging tahimik ang buong paligid. Walang nag-uusap at walang gumagalaw. Ni hindi nagsasalita ang mga naabalang may-ari ng sasakyang nakasunod dito.

“I’m sorry,” sabi niya sa di-nakikilalang lalaki. Itinuro niya ang taxi na nasa likod.

Ngunit sa pagkagulat niya, tinungo nito ang cab na naghihintay sa kanya. May iniabot ito na nagpangiti sa driver bago umalis nang tuluyan.

Napalingon si Ava sa security guard na siyang kumuha ng taxi para sa kanya. Ngunit bahagya lamang itong nagkibit-balikat; tila nais mangiti.

Humakbang uli ang lalaki pabalik sa harap niya. “Let’s go. I’ll drive you home,” prisinta nito.

Napailing si Ava. “Thanks but no thanks. I’m sorry….”

Naramdaman niyang humakbang palapit si Mr. Montilla sa kanila. “Go ahead, Miss Ramirez. You’re in safe hands,” sabi nito sa kanya.

“Sir?” Nagtataka at nag-aalangan pa rin siya. Ngunit bahagya pang yumuko ang matanda sa lalaking kaharap.

“Besides, Miss Ramirez,” anang estranghero, “you owe me this after taking my jacket with you.”

“Y-your what!” gulat niyang saad. Saka niya natanto ang pangyayari. Ang lalaking ito ang misteryosong kasayaw niya kanina. “Oh! I’m sorry...” Inabot niya rito ang hawak na jacket. “Here.”

Hindi nito kinuha iyon. “No. You keep it muna. Please, allow me to drive you home. It’s getting late, mahirap nang kumuha ng taxi dito.” Nakangiti ito.

“Sige na, Miss Ramirez,” udyok ni Mr. Montilla. Nilingon niya ito at nakangiting tumango sa kanya ang matanda.

Kung gayon kilala nito ang lalaking kaharap niya. Nag-aalangan man ay nagkibit-balikat siya bago humakbang palapit sa sasakyang naghihintay. Nilingon niya muli ang superior pagka-settle sa passenger seat. Kumaway ito at ngumiti sa kanya.

Isinara na ng lalaki ang sasakyan at umikot patungo sa driver's seat.

She was staring at him bago pa niya namalayan.

"I'm Eric," nakangiti nitong pakilala habang umuusad sila paalis. "Don't be afraid, Ms. Ramirez."

Ipinatong niya sa kanyang kandungan ang jacket na hawak upang matakpan ang pagkakahantad ng kanyang hita. "I'm Ava," tugon niya.

Tinapunan siya nito ng mabilis na sulyap bago itinuon muli sa daan ang tingin. "Ava Ramirez," ulit nito na tila itinatanim sa isip ang pangalan niya. "How long have you been working with *Montana*, Avs?"

*Avs*… He spoke her name like they have been known each other for so long…o marahil narinig lang nito iyon sa iba.

"Three years. I started at the Sales Department," tugon niya na nagpatango rito.

Ilang saglit na kapwa sila natahimik. At napasiksik ang dalaga sa gilid at isinandal ang ulo. Nakakaramdam na siya ng sobrang ginaw dahil sa lakas ng air con at dahil na rin sa suot niya.

Tila hinihila na ang kanyang mga mata upang

pumikit subalit nilalabanan niya ito. Nagulat siya nang maramdamang huminto sa mataas na rampa ang sasakyan.

Lumingon siya sa katabi. May inaabot na ito sa gitnang bahagi ng sasakyan. Isang naka-hanger na puting jacket. Tinanggal nito iyon sa pagkakasabit at saka umayos ng upo at tumingin sa kanya.

"You're chilling," bulong nito. Bago pa niya maisip ang gagawin nito, itinaas na nito ang puting jacket and moved closer to her.

"E-Eric…" Hindi halos marinig ang tinig na lumabas mula sa mga labi niya nang walang babala nitong inabot ang kanyang kamay at ito mismo ang nagsuot ng jacket sa kanya. "Ako na lang." Naiilang na siya.

"Let me." Hinawi nito ang mahaba niyang buhok sa likuran upang maiayos ang jacket patungo sa kabila niyang balikat.

Napakurap lamang si Ava. Para siyang isang batang binibihisan nito. His hands ran through the length of her arm. His breath, scented with wine, fanned at her face, drowning her with emotions and sensations she had never felt before.

Napabuntong-hininga siya nang hindi

namamalayan. And when he straightened and she looked at him to thank him, napaawang ang mga labi niya.

He was staring at her with a soft... yet intense look in his eyes. His gaze traveled down her nose... and rested at her slightly parted lips.

At bago pa siya makagalaw, nailapit na nito ang mukha sa kanya. His lips gently touched hers… teasing, brushing softly.

Then one hand came up and strong fingers held her chin, urging her to look up so he'd have a better access to her lips.

Isang mahinang ungol ang narinig ni Ava mula rito saka lumalim ang ginawa nitong paghalik. Tila may nais pa itong tuklasin sa loob ng bibig ng dalaga. And when she breathed for air, his tongue delved inside... savoring the cherry sweet taste of her mouth. Kasabay niyon ang tuluyang pagsakop ng kamay nito sa kanyang batok. She was tempted to taste the pleasure... and make him feel the sensations he was giving her. She kissed him back with equal passion.

Hanggang sa maramdaman niya ang isang kamay nito; it was caressing the length of her back…

sending sensations from her heart… down to her thighs.

Nang mapagtanto kung gaano kadelikado ang ginagawa nila, naitulak niya ang lalaki palayo.

Isang buntong-hininga ang pinakawalan nito, unbelief ang nasa mga mata nito habang nakatitig sa kanya. Tila iniisip nito kung sino siya at ano ang ginawa nila.

“Umalis na tayo,” basag ni Ava sa katahimikang bumabalot sa kanila. Wari ay naglaho ang lahat ng pagkaliyo niya. Napalitan iyon ng pagkalito at hiya sa sarili.

She had never behaved that way. Lagi ay kilala niya ang sarili; alam niya kung paano harangan ang mga tukso na lumalapit sa kanya. Kung paano ilayo ang sarili sa hindi dapat mangyari. Kung paano umiwas sa mapag-anyayang kaway ng kasalanan.

Pero ngayon… Para bang isa siyang mumurahing babae. Mula sa isang sayaw, hanggang sa pagsakay sa sasakyan nito… at ngayon, isang halik.

Napailing siya na nagpalingon sa lalaki sa kanya mula sa daan.

“I can’t believe it, too.” Nagkibit-balikat ito.

"Your modesty fascinates me, Ava. The way you walk… the way you laugh. The way you took the glass of wine in your hands." He smiled. "Malayung-malayo ka sa 'yong mga kasamahan. It intrigued me more when you smelled my jacket before placing it over your shoulders."

"W-what?" gulat niyang saad.

"Even without exerting effort, you're bewitching all men around..." Ngumiti ang lalaki sa kanya at napailing. "I'm one of them. And I love the kiss."

May gumapang na init sa mukha ni Ava. "Kung inaakala mong isa akong mababang uri ng babae, nagkaka...." Hindi na niya naituloy ang sasabihin.

The kiss had ended. Anumang salita ay hindi na makapagpapabago ng impresyon nito sa kanya. She let him kiss her… and she let herself enjoy it for a moment.

Nagpahalik siya sa lalaking hindi niya kilala. Ang tanging konsolasyon na lamang niya sa sarili ay guwapo ito at tila napakalinis. At marahil pagkatapos ng magdamag ay hindi na niya ito makikita pa. Hindi na magtatagpo ang kanilang mga landas.

# 4

Malayo pa si Ava ay agad nang tumayo si Lessie mula sa harap ng mesa nito at sinalubong siya sa tapat ng pinto. Isang mahiwagang ngiti ang nakapinta sa labi nito. Nagniningning ang mga mata ng babae habang sinasalubong siya ng yakap.

“I know masaya ka, Lessie,” aniya sa kaibigan na iiling-iling habang hinahagod siya ng tingin.

Napakunot-noo siya. Nagtaka pa siyang lalo nang mapansin ang mga kasamahan na nakangiti rin sa kanya. Tila may kung ano sa likod ng mga ngiting iyon.

“I told you everything, Avs. My fantasy had come true at last with Edward,” bulong nito. Nakadukwang ito sa mesa niya habang siya ay papaupo pa lang. “But you’re unfair, friend.”

“Huh? What are you talking about?” tanong niya habang inaayos ang gamit sa mesa niya.

Umirap ito, pero nakangiti pa rin. “Kahit kailan malihim ka, Miss Ava Ramirez,” kunwa ay nagtatampo nitong sabi. “Kunwari ka pa d’yan. Sa lahat naman dito, ako lang ang walang alam sa

nangyari noong Friday."

"Ano ba kasi 'yun?"

"Miss Ava..." gambala ng isang tinig na nagpalingon sa kanila. "Mr. Montilla needs to see you in his office." Si Miss Paz iyon, ang secretary ng nabanggit na lalaki.

Agad na tumayo si Ava. "Makapaghihintay 'yang tsismis mo, ha," nakangiti niyang sabi sa kaibigan bago ito iniwan.

"Ikaw ang may ikukuwento sa akin," ani Lessie habang sinusundan ng tanaw ang kaibigan at nangingiti sa sarili.

MARAHAN niyang itinulak ang pinto ng opisina ni Mr. Montilla. Pagkatapos niyon, muli niyang inilapat iyon pasarang muli.

"Good morning, Sir..." agad niyang bati bago pa man humakbang.

Ngunit sa pagbaling ng paningin sa mesa nito ay ibang mukha ang nabungaran niya. Wala ang matandang amo na nagpapatawag sa kanya.

Nag-panic bigla ang dalaga at napabilis ang

kanyang hakbang patungo sa lalaking nakaupo sa upuang para sa bisita ng manager nila.

"Hi," mainit na salubong nito sa kanya.

"W-what are you doing here?" sa halip ay nag-aalala niyang tugon sa lalaking nakatitig sa kanya.

He cocked a brow and grinned. "How about a greeting and a smile?" walang anumang untag nito. His eyes took a glance at her lips leisurely.

Naguguluhang nagbuntong-hininga ang dalaga, pinipigilan ang sarili na magtanong muli. Noon naman nagbukas ang adjoining door sa opisina ni Mr. Montilla at mini-conference nito. Lumabas doon ang matanda hawak ang dokumento.

"Sorry to keep you waiting," anito.

"Good morning, Sir," bati ni Ava.

Tumango lamang ang matanda. "Halika, maupo ka, Miss Ramirez."

Noon lamang tumayo ang lalaking kaharap. Like a gentleman, he let her take her seat habang tila waiter itong nasa likuran niya.

"Thank you."

Nagbalik itong muli sa upuan, deliberately

touching his knees with hers. Ngunit pinili niyang hindi iyon pansinin.

"Alam kong magkakilala na kayong dalawa," nakangiting umpisa ng matanda.

But of course. Ang boss niya mismo ang nangumbinsi—o namilit—sa kanya para pumayag siyang magpahatid kay Eric. Who was more dashing in daylight, she must admit.

Ang manaka-nakang pagtingin nito sa kanya ay nagbibigay ng hindi komportableng pakiramdam.

Isang misteryo para sa kanya kung bakit nandito ito sa opisina nila. Isa ba itong bagong empleyado? O kamag-anak ng boss nila? At parang gusto niyang matunaw sa kahihiyan, isipin lang na may alam ang matanda sa halik na pinagsaluhan nila ng estranghero.

*It's not a big deal*, tugon ng isip niya.

"Miss Ramirez…"

"Yes, Sir."

"Mr. Eric would like to discuss with you the details of your marketing plan, I think. Since Mrs. Fernando is still on leave, ikaw ang napili kong puwedeng sumagot sa mga tanong niya. Alam kong

kaya mo na ito. I have a meeting today, at aalis ako nang maaga."

Muli ay napatingin si Ava sa kaharap. Kung ganoon, isa kaya ito bagong boss ng *Alto Montana*? Kung hindi, ano ang gagawin nito sa mga sagot niya?

Tila hindi niya halos nakitang nagkamay ang dalawa sa kanyang harapan. Nagpaalam na ang nakababatang lalaki.

Tumayo rin siya at nagpaalam sa amo. But when she turned, nakabukas na pala ang pinto para sa kanya.

"I'm expecting you at my office before lunch, Miss Beautiful," he almost whispered the words at her ears nang dumaan siya sa harap nito.

Sinabayan siya nito ng lakad matapos ilapat ang pinto ng office. She was puzzled again nang biglang naging tahimik ang buong paligid at halos sabay na bumati ang mga kasamahan niya ng, "Good morning, Sir."

Maliban kay Lessie na nakatunganga lamang at nakaawang pa ang mga labi habang nakatingin sa kanila ng lalaki.

"Good morning," tugon ng huli bago ito lumakad

palayo sa kanila.

HINDI PA man nakakalayo ang anyo ng lalaki ay nagtatalon na si Lessie patungo sa kanya. Eksaherado itong nagbukas ng palad upang batiin siya sa kung anuman na ikinatuwa ng mga kasamahan nila.

“Siya? Siya ’yon, friend?’ tanong nito.

“Siya’ng ano?” kunot-noo niyang tanong.

“Iyong kasama mo noong Friday night,” masaya pa ring saad ng babae. Hindi ito natinag sa ginawa niyang pagtingin ng matalim dito. “Siya iyon, hindi ba?”

“Inihatid niya lang ako. Nang-iwan ka kasi,” bale-wala niyang turan habang bumabalik sa mesa niya. Kinuha niya ang mga papel sa harapan niya upang magsimula nang magtrabaho.

Ngunit sinundan siya ng kaibigan at pinakatitigan siya mula ulo hanggang paa habang umiiling-iling. “I know you’re beautiful, Ava Ramirez, kahit na nga ba pagkaminsan ay mukha kang manang. Pero grabe ang haba ng buhok mo, friend. Pinag-aksayahan ka ng panahong ihatid ng apo ng may-ari ng *Alto Montana*,” kinikilig nitong sabi.

Lalong nadoble ang pagkunot ng noo ng dalaga sa narinig. “Pakiulit nga.”

“He is Eric...”

“Yes, Eric. So?”

“Eric Montana, Ava, Mr. Leandro Montana’s grandson. Ipinakilala siya noong Friday sa lahat, maliban sa akin dahil nag-stay ako sa penthouse.” Natawa ito, pero agad ding napahinto nang makita ang expression niya. “Don’t tell me...”

Parang malamig na tubig na bumuhos sa mukha ni Ava ang realization. Kung ganoon, iyon ang dahilan kung bakit marami ang nakatingin sa kanila sa lobby ng Building III nang gabing iyon. Dahil siya ay papasakay sa sasakyan ng isang Montana.

At iyon din ang dahilan kung bakit sinabi ni Mr. Montilla that she was in ‘safe hands’. Kilala nito ang lalaki.

At ang lalaking naghatid sa kanya ay ang lalaking ikinuwento ni Lyn sa kanya nang masalubong niya ito.

Ang apo pala ng may-ari ng *Alto Montana* ang may-ari ng jacket na isinuot niya. The same man who danced with her intimately and the same man

who kissed her… passionately.

“Friend, what’s wrong?” untag ni Lessie. “Hindi mo ba alam?”

Napailing ang dalaga. “No. Hindi.”

Dahil kung alam niya, hindi magiging ganoon kalakas ang loob niya na magpahatid sa lalaki. Hindi marahil mangyayari ang lahat.

Titili pa sana si Lessie, ngunit namataan nito si Mr. Montilla mula sa opisina nito. Natutop nito ang bibig at umupo na naging dahilan ng pagtawa ng ilan sa paligid nila na agad ding napigil dahil dadaan sa gawi nila ang kanilang manager.

“Miss Ramirez, don’t forget your appointment with Mr. Eric ha,” anito habang naglalakad palayo sa kanila.

“Yes, Sir.” Tila may bara sa lalamunan ni Ava. Wala sa sariling nasundan niya ng tanaw ang superior.

Nang makalampas na ang kanilang manager ay agad ding tumayo si Lessie. Subalit nagsalita si Ava ng, “Let’s get back to work.”

“Mamaya, Avs…”

Ngumiti lamang siya. Kung ito ay naikuwento na sa kanya ang lahat tungkol kay Edward at ang mga nangyari sa pagitan ng mga ito. Siya kaya?

Could she ever tell her friend about the dance? About the jacket… and their kiss?

Wala sa sariling inabot ni Ava ang isang ballpen sa penholder at kunwaring nagsulat sa papel.

Habang tinitingnan ang hawak ay nahulog ang dalaga sa malalim na pag-iisip.

Bumabalik sa alaala niya ang lahat ng mga nangyari.

Matagal din siya bago nakatulog nang gabing iyon. Nagpabalik-balik sa isip niya ang mapanukso nitong ngiti habang nakatitig sa kanya. He haunted her even in her sleep. And his kiss?

Para siyang teenager na noon lang nahalikan. Ikinatwiran niya sa sarili na halik lamang iyon. As simple as that. Ang kaibahan lang, amo niya pala ito.

Napabuntong-hininga ang dalaga. That made everything complicated.

Sa ilang oras na dumaan ay wala halos siyang ginawa. Maya't maya ay napapasulyap siya sa

wristwatch na suot kasabay ng munting kabang umaahon sa dibdib habang nakikita ang papausad na oras.

Kinuha niya ang bag niyang dala at dinukot ang compact powder sa loob. She made a very swift retouch on her face.

MAY ALINLANGAN sa mga katok ni Ava. At hindi niya matiyak kung narinig siya ng nasa silid dahil parang malabo kahit sa sariling pandinig niya ang tunog niyon.

Itinaas niya muli ang kamay. Ngunit unti-unti nang bumukas ang pinto at isang magara at malawak na opisina ang humantad sa kanyang harapan. Tila isang bachelor's pad ang nabungaran niya.

Bahagya siyang nagyuko ng ulo. "Good morning, Sir," bati niya sa lalaki habang nasa gilid niya.

Huminto ang lalaki sa paghakbang at humarap sa kanya too close that she could smell his perfume and their arms almost brushed against each other. Suddenly, a teasing smile formed his lips.

"Good afternoon, Ava," pagtatama nito. "Pagkatapos ng halik na 'yon, wala nang dahilan

para maging formal tayo sa isat-isa…”

Napailing si Ava, pilit itinatago ang nararamdamang hiya at pagkalito ng isipan niya. “But you’re still my boss, Sir. It would be impolite if I call you by your first name,” tugon niya na nagpataas ng kilay nito subalit tumango rin pagkatapos.

She cleared her throat bago nagsalitang muli, bahagyang lumayo sa lalaki. “Nahihiya ako sa sarili ko kapag naiisip ko ang bagay na tinutukoy mo, Sir. Anyway, I promise that won’t happen again.”

Tumaas muli ang kilay ni Eric bago siya inalok na maupo sila. Ngunit ang upuang itinuro nito ay hindi iyong nasa harapan ng mesa nito.

She sat at the nearest couch at nagulat pa siya nang maupo ito sa single sofa na nakaharap sa kanya. Agad itong sumandal sa backrest at tumitig sa kanya.

“Sir, I thought you’re—”

“Eric. Call me, Eric.” Sumulyap ito sa relo bago muling ibinalik ang tingin sa kanya. “Actually, gusto kitang anyayahang mag-lunch. Doon ko itatanong sa ’yo ang mga bagay na gusto kong malaman.”

“L-lunch!” bulalas niya.

"Lunch now. Sana hindi ka tumanggi..."

It's just lunch. Like it was only a kiss they shared... as simple as that, nothing extraordinary.

"Shall we?" pukaw nito sa iniisip niya. Tumayo na ang lalaki at nagtungo sa mesa nito.

When he turned toward the door, wala siyang nagawa kundi humakbang pasunod dito.

Isang simpleng tanghalian lamang at wala nang iba pa.

*At isang halik na walang anuman, walang kahulugan*, bulong ng isip niya habang sinusundan ng tingin ang likod ng lalaki sa kanyang harapan.